

1

It's nearly four in the afternoon ayon sa suot ni Lauren na relong pambisig. May oras pa para ayusin ang mga nagtambak na papeles sa mesa ng ama. Kinusot niya ang mga mata para huwag antukin pero humapdi ang mga iyon mayamaya pa. Tinungo niya ang salaming nakasabit sa dingding para suriin ang resulta ng maling kilos na iyon.

Her eyes looked bloody.

Pambihira, darating pa naman si Bernie bukas, napapabuntong-hiningang saloob ni Lauren.

Bagaman alam niyang hindi big deal kay Bernie ang physical appearance ng isang tao, kahit paano ay ayaw naman niyang magmukhang may sore eyes sa pagdalaw ng nobyo.

Kung bakit naman kasi, nasarapan siya sa pagkusot ng dalawang mata. Bumalik si Lauren sa pagtatrabaho para maagang makatapos at makapagpahinga.

Sa sobrang pagka-busy sa pagpapatakbo ng animal shelter, madalas ay hindi na nabibigyang pansin ng kanyang papa ang filing ng mga papeles.

Kaya nga kapag ganitong summer at mayroon siyang mahaba-habang break mula sa pagtuturo sa unibersidad, she made it a point to go home in order to assist her father.

Binuksan ng dalaga ang folder na naglalaman ng mga forms na pinupunan ng mga gustong mag-volunteer sa animal shelter. They got three applicants this summer. She browsed through the forms one by one. Biglang napalis ang saya sa kanyang mukha nang makita ang pangalan ng isang partikular na aspiring volunteer. Reginald Kenric “Rich” Sandejas.

“This must be a joke.” Inihagis ni Lauren ang papel sa pagkabuwisit. Si Rich Sandejas ay isa sa mga anak ng kanilang governor na laging nasasangkot sa iba’t ibang kontrobersya kagaya ng pagiging palikero nito at ang pinaka-latest nga ay ang pangangaso nito sa isang protected area. Kaya hindi niya lubos maisip ngayon kung ano ang ginagawa ng application form nito sa kanilang animal shelter.

Naiirita man, pinulot uli ni Lauren ang inihagis na form to read his personal profile.

26 years old, currently unemployed and was taking up some business course in the States before dropping out.

Napataas ng kilay ang dalaga. *Lazy, spoiled, rich kid.*

Palibhasa, hindi nito kailangang mag-effort para kumain kaya kung ano-ano ang inaatupag imbes na mag-aral. Hinanap niya ang item na tumutukoy sa dahilan kung bakit gusto ng isang aplikante na mag-volunteer sa animal shelter. And Rich Sandejas dared to write: *to learn how to take care of animals in captivity.*

“Like hell,” tungyaw ni Lauren. It was the biggest crap she’d ever heard. A hunter who suddenly wanted to take care of animals? Kulang na lang ay umusok ang ilong niya habang hinahanap ang ama.

Ang kapal ng kumag na Rich na iyon para mag-apply na volunteer. She would not, in a million years, allow him to step in the animal shelter. Never, if she could help it!

Natagpuan niya ang ama sa likuran ng kanilang bahay habang kinukumpuni ang lumang motorsiklo. He had been trying to repair it for over a year now pero hindi pa rin nito mapaandar iyon.

“Pa, you’re not accepting this guy, right?” walang pasakalyeng tanong ni Lauren sabay pakita ng application form ni Rich.

“I already did, hija.”

“What? Papa!” protesta ni Lauren. Napatigil ang ama sa paglagay ng grasa sa kadena ng motor at ibinaling sa kanya ang buong atensyon. “Nabanggit ko na po ang Rich Sandejas na ito sa ’yo, remember? He and some of his friends are into hunting kaya wala siyang lugar sa isang animal shelter.” Kulang na lang ay magliyak sa galit na paliwanag ni Lauren.

“Yan nga ang isang dahilan kaya naisip kong the more na dapat natin siyang maging volunteer. Maaaring magbago ang kanyang pananaw base sa mga matututunan niya sa experience na ito,” he answered optimistically.

“Pa, walang pag-asang magbago ang taong ’yun. He thinks shooting wild animals is a game. A wealthy man’s pasttime. ’Yun ang mismong nakasulat d’un sa magazine na nabasa ko which featured him. Rich Sandejas is trying to insult the very reason why we have this shelter,” mariing paliwanag ng dalaga.

“Pero naka-oo na ako, hija. Katunayan, sa susunod na araw ay darating na siya,” tugon nito.

Lumaglag ang balikat ni Lauren sa narinig. “Wala ka na po bang magagawang paraan, Pa?”

“I’m afraid, wala na. It was out in the media.

Some reporters will be arriving with Rich,” paliwanag ng ama.

Lauren rolled her eyes in disgust. “I knew it. Hindi dahil nagustuhan lang bigla ng lalaking ’yun na mag-alaga ng mga hayop kaya siya magvo-volunteer dito. He’s after the publicity,” hindi maipinta ang mukhang sabi pa niya.

Pinulot ng kanyang papa ang brush at ipinagpatuloy ang ginagawa. “On a positive note, tingin ko’y malaki ang magiging impact ng pagvo-volunteer ni Rich dito sa animal shelter. Their family has connections. Mas magiging aware at interesado ang mga tao sa advocacy natin pag nalathala na nag-volunteer dito ang anak ni Gob. Imagine sponsors and donations coming in,” sabi ng kanyang ama.

Hindi nakakibo si Lauren. Her father had a point. However honorable their intentions, the animal shelter could only thrive if they have external funding. Hindi niya puwedeng i-deny ang katotohanang hindi nila kayang mag-ama na kunin lahat sa sarili nilang balsa ang maintenance sa shelter, and for that, she felt frustrated and helpless.

“Give him a chance, hija. He will be under your supervision. Guide him well,” pangungumbinsi pa ng ama sa kanya.

Lauren sighed in resignation. Sana ay isang araw lang ang itagal ng lalaking iyon sa lugar nila. Dahil para sa kanya, hindi guidance ang kailangan ng Rich Sandejas na iyon kundi parusa. *Naku, ha? Humanda siya!*

Naabutan ni Lauren si Aling Nita na abala sa pagkakabit ng bagong kurtina sa bakanteng silid ng kanilang bahay. Kinukuha lang nila ito pag magpapalaba sila o kaya ay magpapalinis at karaniwan ay tuwing weekend lang iyon. Kaya nagtataka siya na nandoon ito gayong Martes pa lang.

“Hello, ’Te. Ano’ng meron?” bati ng dalaga.

“Pinapaayos ng papa mo at dito daw tutuloy ’yung anak ni Gob.”

“Ano?” bulalas ni Lauren.

“May bakanteng kuwarto pa sa volunteer’s quarter, ah,” napapataas ng kilay na sabi niya. Ang volunteers quarter na tinutukoy niya ay nasa compound ng mismong animal shelter. Ilang minutong lakaran lang ang distansya ng lugar mula sa tahanan nila. Mula sa kusina ay sumulpot ang kanyang ama.

“For security reasons kaya ko siya dito patutuluyin,

hija. We must not forget that he is the governor's son. May mga kalaban sila sa pulitika. Hindi natin alam... mabuti nang maniguro," paliwanag nito habang nagpupunas ng kamay sa towel.

"Ano naman po ang posibleng mangyari sa lalaking 'yun? Sa tinagal-tagal ng animal shelter na ito, wala pa akong nadinig na nagtangka sa volunteer or something. Sabagay, wala pa tayong naging volunteer na mangangaso. Baka ngayon pa lang may manggulo," napapaismid na sabi ni Lauren.

Ikinatawa iyon ng kanyang papa.

"Kailangan talaga nating patuluyin si Rich dito sa bahay. Kaya nga sabi ko kay Aling Nita, eh, mag-aarawan muna. Base kasi sa paabiso ng kampo ni Gob, magtatagal dito ang anak niya ng more or less, eh, isang linggo."

Too much for wishing she'd only be dealing with him for a day!

She sighed in defeat. "Pa, let him understand na wala siyang yaya dito so he'll have to do his share of the household chores kahit mag-aarawan si Ate Nita or I will kick his ass out."

"Sounds fair to me. Pero sana, subukan mo ring maging civil sa kanya," tugon ni Mang Ben sa anak.

Tumango si Lauren bagaman hindi siya sigurado kung kakayanin niyang magpaka-civil sa taong iyon. She was not a big fan of people who wasted their opportunities to evoke some change in this world.

He could have used his influence to save the world or something, but that brute was doing the exact opposite. That was her opinion and she's entitled to it.

“Mukhang mainit ang ulo mo sa anak ni Gob, ah,” komento ni Aling Nita nang sila na lang dalawa.

“May atraso sa akin ang lalaking ’yun bukod pa sa katotohanang nakakaduda ang tunay niyang pakay sa pagvo-volunteer sa shelter. Isa siyang hunter for God’s sake!” napapakumpas pang paliwanag ni Lauren.

“Ang dinig ko naman kay Aling Luz, eh, tsismis lang daw ’yung pagiging mangangaso ng anak ni Gob. Gawa-gawa lang ng mga taga-oposisyon para masira ang mga Sandejas.”

“Natural, ’Te, kakampi d’un si Aling Luz dahil naninilbihan siya sa bahay ng gobernador. Pero naniniwala ako na walang usok kung walang apoy.”

“Sabagay... Pero imposible namang magsinungaling sa akin si Aling Luz. Basta, excited pa rin ako na makikipanirahan ang anak ni Gob dito

sa lugar natin. Kasi siya pa lang ang kauna-unahang anak ng gobernador na mapapatapak dito pag nagkataon,” nakangiting hirit ni Aling Nita.

Sorry, pero hindi maka-relate si Lauren sa excitement nito.

Bahagya na siyang naka-recover sa pagkabanang nang dumating si Bernie kinaumagahan. Halos kasing-tangkad niya lang ang nobyo pero maputi ito, matangos ang ilong, parating maayos ang hitsura at kagalang-galang manamit. In every way, si Bernie ay larawan ng isang maginoo at kapita-pitagang guro. Ibinalik nito sa ayos ang suot na salamin sa mata nang bahagya iyong mawala sa pwesto dahil sa pagyakap nito sa kanya.

“Kumusta?”

“Mabuti. Napaaga ka yata?”

“Inagahan ko kasi nga kailangan kong makabalik agad sa bayan ngayong hapon.”

“Ha? Akala ko magpapalipas ka dito ng gabi?”

“Sana... Kaso nagkasakit si Ma’am Tess, ’yung emcee sa seminar bukas ng umaga. Kaya pinakiusapan niya ako na pumalit.”

“Gan’un ba? Sana nagpasabi ka na lang na di ka makakapunta dito. Maiintindihan ko naman kasi trabaho ’yan. Mapapagod ka pa tuloy sa biyahe kasi balikan ka.”

“Okay lang. Nangako ako sa ’yo eh. Ayoko namang hindi tuparin,” sabi nito.

Napangiti si Lauren. “Salamat. Ang swerte ko talaga sa ’yo. Sincere, mabait, responsable, mapagmahal—”

“Maraming pinapaaral, maraming loans—” pabirong dugtong ni Bernie sa sinasabi niya.

Pareho na lang silang napatawa roon. Hindi kaila sa kanya ang responsibilidad ni Bernie sa pamilya nito. Ito na kasi ang tumayong ama sa mga kapatid mula nang magkasabay na mamatay sa aksidente ang mga magulang. Dalawa ang sinusupportahan nito sa kolehiyo at isa sa high school. Sa susunod na taon pa expected na matatapos ang sunod kay Bernie and hopefully by then, alukin na siya ng kasal ng nobyo.

She’s not getting any younger. Lauren would be thirty years old next year. Panay na nga ang untag ng papa niya kung kailan daw ba sila lalagay sa tahimik. Puro ngiti lang at “darating po kami doon” ang sagot nila ni Bernie.

She's ready. Kaso alangan namang siya ang mag-propose sa nobyo.

Nagkuwentuhan lang sila buong maghapon hanggang sa kailangan nang sumakay ni Bernie pabalik ng bayan.

The following day, si Rich Sandejas naman ang dumating kasama ang sangkaterbang entourage nito. Hindi magkamayaw ang mga tao sa pag-welcome sa binata, kabilang na ang ilang volunteer at staff ng animal shelter. Hindi gaanong namukhaan ni Lauren ang lalaki dahil sa dami ng tao. She just saw the top of his head dahil nga may katangkaran ito. She didn't make an effort to join the merriment.

Her father was there, gamely posing for pictures and answering questions from the reporters. May tinahi pa nga yatang banner si Aling Nita na pang-welcome kay Rich. Naiiritang umuwi ang dalaga at piniling magtrabaho sa bahay. Ayaw niyang magpakaplastic na welcome sa kanya ang Rich na iyon.

She lost track of time while reading and sorting papers. Naputol lang siya sa ginagawa nang bumungad mula sa likuran ng bahay si Pia; anak ng isa nilang staff.

“Ate Lauren, dumating na daw ’yung anak ni Governor?” malapad ang ngiting tanong nito habang palinga-linga sa sala na para bang may hinahanap.

“Wala pa siya rito. D’un sa shelter ginawa ang welcome,” ani Lauren habang dino-double check ang mga nakalatag na delivery receipts sa harap niya. Saka pa lang natigil sa pagpapahaba ng leeg si Pia.

“Ah... Ano sa tingin mo, ’Te, mabait ba?”

“I don’t think so. Walang mabait na kayang pumatay ng inosenteng hayop sa gubat,” nakaismid na sagot Lauren.

“Ay, gan’un? Sayang. Sobrang guwapo pa naman daw sabi nila,” tila dismayadong sabi ni Pia.

“Ewan ko, hindi ko pa siya nakikita nang malapitan. Pero sa mga litrato niya sa magazine, hindi naman ako super naguguwapuhan sa kanya. He looks—okay... Average,” kubit-balikat na tugon ni Lauren.

Mukhang hindi kumbinsido ang dalagita.

“Hindi naman siguro magkakandarapa ang mga babae sa kanya kung hindi siya kaguwapuhan. Eh, di ba nga, balitang papalit-palit siya ng girlfriend?”

“Malay natin kung nasilaw lang sa pera ang

mga 'yun. Para sa akin kasi, ang guwapo ay 'yung mga masisipag, responsible at matatalinong lalaki, someone who is without a doubt, the opposite of Rich Sandejas.”

Hindi na nakipagtalo pa si Pia at um-exit na lang sa pintuang pinasukan nito matapos magpaalam na uuwi na.

Well, she was just being honest. Mga kagaya talaga ni Bernie ang tipo niya. Inilagay ni Lauren ang mga resibo sa envelope at tumayo mula sa inuupuan. Wala sa loob na napatingin siya sa gawi ng main door at napatda nang mapansin ang matangkad na lalaking nakatayo doon.

Lauren's throat went dry. Awe and disbelief assailed her at the same time as she realized who he was.

Walang “okay” at “average” sa hitsura at tindig ng lalaking kaharap. In fact, his photos from those magazines did him no justice at all. His prominent eyebrows, deep-set eyes, perfectly pointed nose, well-carved lips and well-built body all spelled perfection.

Bernie didn't look bad himself but she must admit, Rich Sandejas was easily the most handsome man she had ever laid eyes on. Pero biglang sumingit

sa kamalayan ng dalaga ang katotohanang isa itong mangangaso at naparoon lang dahil sa pansariling kadahilanan.

Just like that, her steel armors clicked into place as she moved to meet him, never really caring if he'd heard her conversation with Pia. If he did, mabuti na rin iyon para alam nito that someone was able to look beyond his superficial attributes.

“Hi. You must be Lauren,” bati ni Rich.

She was quite unready for that sexy masculine voice. Parang may humaplos sa kanyang katauhan lalo na nang banggitin nito ang kanyang pangalan. The way he rolled her name on his tongue sounded so... sensual. Humalukipkip siya para pagtakpan ang mabilis na pagtahip ng kanyang dibdib.

“A-ako nga. Tuloy—”

“Salamat. Ipapababa ko lang sa sasakyan ang mga gamit ko. By the way, will I have my own room?” tanong ng lalaki habang direktang nakatuon sa kanya ang magagandang pares ng mga mata nito.

“Siyempre naman,” napapataas ng kilay niyang tugon.

Mukha bang iisa lang ang kuwarto ng bahay na

ito?

Napahinga nang maluwag si Rich. “Thank God. I was thinking we’d be roommates,” he uttered with a shudder. “Hinahanda ko na sana ang sarili kong matulog na lang sa tent—just in case.” And then he turned on his heel.

2

Isang oras na halos na nakatayo sa harap ng salamin si Lauren. Ilang ulit na siyang nagpapalit-palit ng suot pero wala siyang mapili. Tila tuksong paulit-ulit na nagre-replay sa utak niya ang sinabi ni Rich kahapon. So, he'd rather sleep in a tent than share a room with her, huh?

Lauren knew he was just trying to rile her. Malamang narinig talaga nito ang pakikipag-usap niya kay Pia. She didn't really expect Rich to laugh and shrug it off.

Gayunpaman, nakakakulo ng dugo. She'd never felt so ugly until today, thanks to that jerk! Maaaring hindi siya kasing-ganda ng mga babaeng nakaka-date nito at ipinaparada sa harap ng media, pero hindi rin siya pangit.

Badtrip! Why was she letting him bug her? She didn't even like him in the first place. He may be super attractive but he's just that: an eye candy.

Behind those good looks is a ruthless being whose idea of fun is killing wildlife, she reminded herself.

At nakakainis dahil sa kabila ng nakamulagat

na katotohanang iyon, she still found him extremely handsome.

Feeling a pang of guilt, Lauren stripped the sundress that she was trying on and hastily pulled out a white shirt and old jogging pants from her cabinet. Hindi na siya nag-abalang itali ang mahabang buhok. It could appear like a bird's nest for all she cared.

“There you are, hija. I was wondering what’s taking you so long. Hula ni Rich, eh, nag-aayos ka pa,” nakangiting sabi ng ama pagbungad niya sa kusina. Kung kumakain lang siya ng mga sandaling iyon, marahil ay nabulunan na siya. Lauren flashed a spiteful look in Rich’s direction.

“Para sa simpleng agahan, mag-aayos ako? Bakit?” nakataas ang kilay na pahayag niya.

God, she hated him for guessing it right. To make her feel even worse, she remembered the dark circles under her eyes. Si Rich Sandejas din ang may kasalanan doon. She must look as crappy as she felt right now and the damned guy is silently gloating about it.

“Sabi ko nga dito kay Rich, mas pinapansin mo pa ang hitsura ng dog house kaysa sa ayos mo,” natatawang sagot ng kanyang papa na ikinatawa rin

ni Rich.

That was an exaggeration but she didn't try to contradict her father. She didn't want to draw any more attention to herself. Ayaw niya ring ibigay ang impresyon kay Rich na puwede rin siya nitong chikahin, palibhasa "joking mode" ito at ang kanyang papa ngayon.

Tahimik siyang nagtimpla ng chocolate milk at dahil katapat niya sa mesa si Rich, hindi maiwasang mapatingin siya rito habang hinahalo ang laman ng tasa. The man looked splendid even in a plain gray shirt.

May time kaya sa buong maghapon na hindi ito ganito ka-guwapo? Banas!

Kung alam lang ni Bernie ang mga brain signals at heart rhythm niya ngayon habang sinusulyapan si Rich, malamang iwan siya ng nobyo. Naiinis sa sariling inilayo ni Lauren ang atensyon sa binata.

What was wrong with her? She was not the type to ogle guys, pero parang may kung anong panghatak si Rich na hindi niya magawang pigilan ang sarili.

Pambihira, hindi ba't kagabi lang ay halos isumpa niya ang lalaki dahil sa ginawa nitong pang-iinis sa kanya?

She'd better remember that she was already taken.

“Damihan mo ang bird’s nest soup, hijo. Medicinal ’yan. Sinadya kong iluto para bumuti ang pakiramdam mo. Kagabi’y di ka na naghapunan, eh. Hinayaan na kita at kako’y baka mas madaling mawawala ang sakit ng ulo mo pag nakatulog ka,” sabi ng kanyang papa kay Rich.

Malamang, nagsakit-sakitan lang ito kagabi. Sabagay, mabuti na rin na di na ito sumalo sa hapunan. It would have been awkward since she was so angry last night and not in the mood to play the gracious host.

Not that she felt any different toward him now, but at least, she could sit across from him without feeling violent.

“This is really good. I’m feeling better already,” ani Rich matapos tikman ang Nido soup.

Hello! Walang masarap sa Nido soup na niluto ng kanyang papa. Matabang iyon at kulang sa bawang.

Mukhang master’s degree holder sa pambobola ang bruho. Halatang trained ng pulitikong ama. But Lauren’s ever good-natured and gullible father took the fictitious praise and looked absolutely pleased

with himself. Habang kumakain ay kuwento pa ito nang kuwento kay Rich na para bang matagal na silang magkasama.

“By the way, hija, anong oras mo i-o-orient si Rich?” tanong ng ama nang akmang papatayo na siya sa mesa.

“Si Donna na po ang bahala d’un, Pa,” sagot ni Lauren. Kagabi pa siya nakapag-decide tungkol doon. She didn’t like to supervise Rich. Truth be told, ni ayaw niyang makausap ito.

“Ha? Akala ko ikaw ang—”

“May importante po akong gagawin, eh,” rason niya.

Napatango-tango na lang ang ama at iniba ang usapan. “Siyanga pala, hijo, I heard na enthusiast ka daw ng mga motor.”

“Opo. Production bikes usually.”

Nagliwanag ang mukha ni Mang Ben.

“Tamang-tama. Baka puwede mong tingnan ’yung motorsiklo ko. Hindi ko kasi mapaandar.”

Lauren rolled her eyes.

“Pa, production bikes daw, hindi po antiques,”

sabi niya habang inililigpit ang pinagkainan. “That motorcycle belongs in a junk shop if not in a museum. Himala kung maayos iyon ni Rich.”

“Baka lang kaya niyang i-repair...”

“I’ll check it po, no problem,” paniniguro ni Rich.

Good luck pag na-Tetanus ka, ani Lauren sa sarili.

Nag-uusap pa ang dalawa kaya nauna na siyang pumunta sa shelter. Sinabihan niya si Donna na ito ang nakatokang mag-tour kay Rich. Halos magtatalon sa tuwa ang babae habang mamatay-matay sa inggit ang ibang old volunteers. Papasok pa lang ng bakod ng shelter si Rich ay agad na itong nilapitan ni Donna at hinila para sa orientation.

Donna was all over him and Rich definitely looked uncomfortable with the undue attention that she was showering him.

Buti nga sa ’yo, saloob ni Lauren. Pigil ang tawang pumasok siya sa stock room at nag-inventory ng supplies.

Pagkaraan ng kalahating oras, kinatok siya ni Kaloy, isa sa mga regular staff nila.

“Ma’am, ano daw pong task ang ibibigay sa anak ni Gob?”

“Wala. Baka bukas paalis na rin ’yan, eh. Sayang sa time at effort. Baka training pa lang kung paano humawak ng walis, abutin na tayo ng siyam-siyam sa kanya.”

“S-sige po sasabihan ko si Donna,” paalam nito.

Nagulat siya nang ilang sandali pa, si Rich mismo ang pumunta sa kanya.

“Hindi mo daw ako bibigyan ng task?” tanong nito.

Tango lang ang isinagot ng dalaga, hindi tumitingin sa kausap.

“Why not?”

“Waste of time. Hindi ka naman magtatagal dito,” aniya sabay tiklop ng hawak na logbook.

“Even so. Mas waste of time ’yung wala kang ipapagawa sa akin. I suffered in silence while that girl with hearts for eyes did her miserable best to orient me, ’tapos titiisin ko pa ulit na tumanganga? Gan’ung klase lang ba ng volunteer ang meron kayo? If that’s the case, I’m surprised this shelter is still standing,” kalmanteng sabi ni Rich. Parang kinikilabutan pa ito sa naranasang pangmomolestya galing kay Donna.

It was a wrong move on her part, but Lauren

would not admit that. Tuloy pahaging na nainsulto ng binata ang dedication at professionalism ng iba pang nagvo-volunteer sa shelter. At kasalanan iyon ni Lauren. Pinersonal niya ang dapat ay trabaho lang.

Sa halip na humingi ng paumanhin at magpakababa ay tinaasan pa niya ito ng kilay.

“You don’t have to pretend that you really want to *help*.”

Napatanga ito sa kanya. “Whether I like to be here or not doesn’t matter. Nandito na ako, I might as well do something.”

“Yup. Umupo ka somewhere and kill time. Puwede ka din magpa-photo op para mas madaming mai-press release ang kampo mo,” walang gatol na sagot ng dalaga.

“Wow. You are mean.” He snorted at her in disbelief.

“I am being kind. Ayaw na kitang mahirapan. Ayaw kong ipagawa sa ’yo ang isang bagay na labag naman sa loob mo.”

“Hah! Kind,” he scoffed. “You *are* cruel and mean, plain and simple. Ni hindi pa tayo nagkakaharap, may opinion ka na sa akin. Dinig na dinig kita kahapon.

Well, excuse me, Miss, you don't really know a single thing about me," mapaklang sabi nito.

"I know who you are Mr. Sandejas. You're a hunter and unquestionably clueless about caring for anything other than yourself. Nandito ka lang para magpalitrato, para bumango sa publiko ang pangalan n'yo," pambabara ni Lauren.

"Ano 'ka mo?" bulalas nito.

"I'd figured you out, you know. Please drop the pretense."

"Oh. You're stalking me then," he said mockingly.

"Duh. Feeling ka, 'no? You *are* news. Sikat ka sa mga kabalbalan mo," pagtatama ng dalaga. "Anak ng gobernador, isang mangangaso, magvo-volunteer sa animal shelter? Tanga lang ang hindi makakahula ng tunay mong agenda dito."

His jaw clenched.

"You've been reading too many gossip columns. My friends hunt pero never akong sumama. And please, you missed one article about me; the one which specifically said I don't give a damn about my dad's political career. I am not here by choice!" mariing depensa nito.

“O, eh di umamin ka din na hindi ka nandito para mag-alaga ng hayop. At hindi ka ’ka mo mangangaso? Yeah, right. At nasa Europe din ang Bangladesh.” mapaklang tugon niya. Napatiim-bagang si Rich.

“Bahala ka na sa gusto mong isipin. It’s pointless explaining to a close-minded person like you. Anyway, sanay na ako sa mga taong kagaya mo na para bang kilalang-kilala ako at ang pamilya ko kung makapagsalita,” madilim ang mukhang sagot ni Rich.

And for the second time, he walked out on Lauren.

3

“I swear, pare, this is going to be the longest week of my life, courtesy of that witch,” Rich said. Ang bruhan Lauren ang pangalan.

“Any woman who detests you must be special and we both know she’s the first,” tatawa-tawang sabi ni Dan mula sa kabilang linya.

“Ah, gan’un? Thanks for siding with her. Nakakawala ng pagod. I mean, pagkatapos kong maghike ng kalahating oras para sumagap ng signal at kontakin ka d’yan sa Bali, that’s what I’ll hear from you?” naiiritang sabi ni Rich.

“Chill out, pare. I was just kidding,” sansala ni Dan.

“I can’t, I’m pissed as hell.”

“I know. Eight minutes ka kayang nagkuwento, straight.”

“Hindi nga?”

“Well, not really. But long enough to make my ears burn and to have a clue of how fucked up you must be feeling right now,” biro ni Dan.

Napabuntong-hininga si Rich. “Sorry for disturbing you. Kasi naman ang dami ko na ngang problema, dadagdagan pa ng Lauren na ’yun.”

He had been friends with Dan since time immemorial. Actually, Dan was the only person on earth who knew the story of his life; his dark beginnings as Rich would call it.

“Walang kaso, pare. Pero kung ako ang tatanungin mo, dapat aminin mo na lang sa Lauren na ’yan na ipinatapon ka d’yan ng sapilitan ng daddy mo dahil sa sulsol ng bibo mong ina-inahan.”

“I don’t think it would make any difference. At saka alam mo naman, pare, ayoko nang iladlad pa ang issue ng pamilya ko sa ibang tao,” dahilan ni Rich.

“Sabagay. Di bale, mabilis namang sumikad ang mga araw, eh.”

“Not in this part of the world. Mas mabagal gumalaw ang kamay ng orasan dito,” salo ni Rich.

“Then kill time by having some fun. Come on, Rich, we both know you can get any woman with just a smile. I’m sure maraming amoy-pinipig na babae d’yan na willing um-entertain sa ’yo,” pambubuyo ni Dan.

“Amoy-pinipig? You sound like a dirty old man!” Rich was really disgusted.

Napahalakhak lang ang kaibigan. “Kung ayaw mo, eh, di ’yung mga amoy-floral or better yet, amoy-istrikta kagaya ni Lauren para mas masaya.” Umismid lang si Rich. “Pangit ba?” usisa ni Dan.

“H-hindi,” aniya. “Just not my type. Parang ’yung librarian natin sa high school na galit sa maingay at masaya. She’s a real pain in the ass to be dead honest,” paglilinaw niya. Tumawa na naman ang kausap sa kabilang linya.

“With no one to play with, siguradong kasing-boring nga ng pagbibilang ng kotseng pagong ang kalagayan mo d’yan. Pero alam mo, pambihira talaga ’yung daddy mo, pare. Bakit ba nagpapabilog siya d’un sa madrasta mo?”

“Same old reason, guilty siya at gusto niyang bumawi kay Tita Clara.”

“Pero anak ka niya—”

“Unfortunately. But it obviously doesn’t matter,” mapait na sabi ni Rich.

“Bakit hindi ka nagpakampi sa Kuya Andy mo at kay Thia?”

Mariing umiling si Rich kahit di siya nakikita ng kaibigan. “Di bale na lang. Parang kapatid pa rin sa labas ang tingin nila sa akin.”

“They seem nice to you.”

“Yes. I just don’t want to overstep my boundaries. Parang and’un parati ’yung gap between legit and well, bastard.”

“Come on, you’re not a bastard. Dala mo ang apelyido ng tatay mo.”

“Pero hindi pa rin kami lumaking magkakasama. I can’t bring myself to get any closer to them. I don’t want them to feel like they need to do something for me. I saw how hurt they were when Dad first introduced me to them. At hindi ko sila masisisi... I will always be the reminder of the night when their father cheated,” malungkot na pahayag ni Rich.

“Hey, enough of the pity party. Huwag mo nang isipin ’yan. Mag-enjoy ka na lang. Challenge yourself to try new things, pare. If I were you, I’d give this Lauren a chance. She sounds like a challenge,” tatawa-tawang sabi ni Dan.

“Sira ka talaga. Nagawa mo pang isingit uli ’yung babaeng ’yun. No. She looks like someone who wants commitment, forever and happy endings. Mga bagay

na alam mong allergic ako. Look how those specific shits destroyed my mom.”

“Hindi naman ’matik na mangyayari sa anak ’yung naranasan ng magulang.”

“Maybe. Pero bakit mo nga gugustuhing magpatali sa iisang tao kung puwede ka namang maging masaya nang walang sabit?” Commitment leads to expectations, restrictions and boundaries. He knew it very well.

“Hay, ewan ko sa ’yo, Rich. Pag ikaw lang tumawag sa akin one day to announce that you’re in love and getting married, ibigay mo sa akin ’yung *Range Rover* mo, ha?” tudyo nito.

“Dream on, Daniel,” nakatawang tugon ni Rich. “It’s not gonna happen. As soon as they start wanting to be more than a fling or a girlfriend, I’m gone.” He would not, in a million years, want to be a love fool. Para ano? Para maging alipin sa isang tao? He had seen how “love” paralyzed his mom. How it took the life out of her. Hindi niya gugustuhing matulad sa ina ang kanyang kapalaran.

Mababa na ang araw nang makauwi siya. Malayo pa lang ay tanaw na niya sa balkonahe si Mang Ben. Halatang nag-aabang ito sa pagdating

niya dahil napatayo mula sa upuan ang lalaki pagkakitang-pagkakita sa kanya. Agad siyang humingi ng paumanhin at nagpaliwanag kung bakit siya natagalan umuwi.

“Naku, eh, pasensya ka na lang din, hijo, kung kailangan mo pang maglakad ng gan’un kalayo para makasagap ng signal. Sana’y ginamit mo na ’yung motor, tatal naman eh napaandar mo na,” sabi nito.

He spent his time repairing the old man’s bike when Lauren refused to assign a task to him. Mabuti at may spare parts naman si Mang Ben kaya nagawa niyang palitan ang mga bumigay na piyesa.

“Salamat po, pero okay lang naman po ako sa lakaran. At saka hindi pa po natin puwedeng isabak sa akyatan ’yung motor. Wala nang kapit ’yung gulong, kailangan po ng bago.”

“Gan’un ba? Di bale at magpapabayan ako para bumili. Maraming salamat talaga, hijo, at naayos mo. May sentimental value kasi sa ’kin ’yung motor. ’Yan ’yung ipinapangsundo ko noon sa mama ni Lauren noong nililigawan ko pa,” Mang Ben said with a sad smile.

Hindi niya alam kung ano ang isasagot doon kaya ngumiti na lang si Rich.

“Hindi naman sa nakikialam ako, ano? Pero alam mo, may talent ka sa mechanical. Bakit nga pala hindi ’yun ang kinuha mong kurso? Nabasa ko kasi sa CV mo na business course and inaaral mo sa college.”

“Business course po ang gusto ni Dad. He wants me to help Kuya Andy sa pagpapatakbo ng negosyo.”

“Ah. Pero kung ikaw lang, ano sana ang gusto mo?”

“Aircraft engineer. Ayaw nga lang po nila dahil bakit ko naman daw gugustuhing maging mekaniko?”

“Well, puwede mo silang pagbigyan muna bilang anak na masunurin. Pagkatapos n’un, puwede mo nang sundin ang sarili mong pangarap.”

Coming from Mang Ben, the suggestion sounded fair and sensible.

Pumasok si Rich ng kuwarto para maligo at magpalit ng damit. Saktong patapos na siyang magbihis nang kumatok si Mang Beng at inaya siyang kumain. Although he didn’t want to encounter Lauren again or hear what she had to say about him, pinaunlakan niya si Mang Ben alang-alang sa paghihintay nito. Pero kung siya lang ang masusunod, he’d rather stay in his room.

He saw Lauren bending over a bowl of cucumber salad. She was wearing a white top and a blue dolphin shorts, looking tender and sexy. But he'd die first before he let her know that he found her attractive.

Mabilis niyang iniwas dito ang tingin. He was hoping to make new friends in the small town, but clearly, hindi masasali sa mga iyon si Lauren because of her bad impression of him.

It's a bummer, but he was not going to put an effort just to make her see him in a different light. Bahala ang babaeng ito sa trip nito. He would just ignore her for the remainder of his stay.

The dinner went fine. It was mostly Mang Ben who did the talking. The old man was really warm and nice, kabaligtaran ng anak nito na ewan niya kung saan nagmana. Napag-alaman niyang retired high school teacher si Mang Ben at gayundin ang misis nito na namatay four years ago dahil sa sakit sa puso.

“Mahilig si Misis sa hayop. Pag may nakitang aso o pusang gala, inaanpon. Pag may mga batang nagtitirador ng ibon, binibili niya ang mga tirador nila para wala na silang magamit.”

“Pretty clever,” napapangiting sang-ayon ni Rich.

“Pero itong si Lauren ang nakaisip na magbukas ng shelter. Iyong mga naiwan na alaga ng kanyang mama lang ang laman ng shelter dati. N’ung mabalitaan ng iba na may ganyang pasilidad na dito, ’ayun, ang dami ng nagdadala ng hayop na nasusumpungan nila, mula sa mga ibon hanggang ahas, meron na,” kuwento pa ni Mang Ben.

Napatango-tango si Rich. He never imagined that the shelter was Lauren’s idea. Parang more on “pambabara” kasi ang expertise nito.

Tinanghali ng gising kinabukasan si Lauren dahil sa pananakit ng katawan. Pagka-almusal, agad siyang pumunta sa shelter. Nadatnan niyang nagpapakain si Rich ng mga pagong sa pond kasama sina Pia at Betty na himalang nasa shelter ngayon imbes na naglalakwatsa.

Kapwa nakadikit ang mga ito sa lalaki. Kung lalayo nga lang nang kaunti si Kumag, malamang masubsob ang dalawa sa pond. Kinawayan siya ng mga hitad habang tango lang ang pagbati ni Rich sa kanya.

It was the only acknowledgment she’d received from him since their heated argument. Ni hindi siya

tinitingnan man lang ng binata kahit nagkakasabay sila sa pagkain. Bagay na okay lang naman sa kanya. She really didn't care.

Pagdating ng hapunan, hindi nila kasalo si Rich dahil inimbata diumano ito ng nanay ni Betty. Tapos na silang magligpit ng pinagkainan at lahat, hindi pa rin umuuwi ang lalaki.

“Parang d’un na patitirahin ni Betty sa kanila ang anak ni Gob, ah,” ani Aling Nita habang namamalantsa.

“Sana nga. Padadalhan ko sila ng sulat ng pasasalamat,” walang ngiting tugon ni Lauren.

“Ang sungit mo naman d’un sa tao, eh, ang laki-laki ng naitulong niya, kung tutuusin. Ang sipag-sipag sa shelter, dinaig pa ’yung iba. Kitam at inayos pa ang motor na hindi nga kinayang i-repair ni Ka Usting,” saad ng ama.

Napalabi si Lauren. Por que na-repair ang motor, akala mo superhero na sa papa niya ang Rich na iyon.

“It doesn't change the fact na ginagamit niya ang shelter na front para pagtakpan ’yung mali niya noon. May kinalaman ang pulitika sa pagparito niya. Unless mag-public apology siya sa ginawa niyang pangangaso, my opinion of him will remain the

same.”

“Public apology. Eh, hindi nga raw totoo ’yung eskandalong kinasangkutan niya sa pangangaso at gawa-gawa lang ng oposisyon, bakit siya hihingi ng paumanhin? Kuwentuhan mo nga ito, Aling Nita.” Napapailing na tumayo ang ama at pumasok sa silid nito.

Napatingin siya kay Aling Nita na namamalantsa malapit sa may bintana.

“N-nakasalubong ko kahapon si Aling Luz sa bayan at nagkakuwentuhan kami...” sabi nito. “Inulit niya na talagang hindi sumama si Rich sa hunting na ’yun dahil nagpalipas diumano ito ng magdamag sa resort na pag-aari ng girlfriend. Nabanggit din ni Aling Luz sa akin na pakana pala n’ung asawa ni Gob ang pagkakupunta dito ni Rich.”

Napakunot-noo si Lauren.

“Yun ang sabi ni Aling Luz.”

“Ano naman daw ang purpose at pinapunta ni Mrs. Sandejas dito si Rich?” dudang tanong niya.

“Ayun, sinulsulan si Gob na ipadala dito si Rich para mabura ’yung eskandalo na kinasangkutan niya sa pangangaso,” sagot ni Aling Nita.

Natigilan si Lauren.

“Ang sabi ni Aling Luz, kabaliktaran ng alam ng publiko ang totoong turing ni Madam Sandejas kay Rich. Gusto daw i-itsapuwera ’yan parati n’ung babae dahil nga anak sa labas. Laging ipinapahamak sa harap ni Gob, pinagmumukhang masama.”

“Gan’un?” hindi makapaniwalang sabi ni Lauren.

“Kuwento nga ni Aling Luz, eh, balewala naman daw kay Gob ’yung isyu ng pangangaso dahil alam niyang walang kasalanan si Rich, pero pilit daw pinapalaki n’ung misis. Iyon pala, planong gamitin ni Mrs. Sandejas na rason ’yun para maiwan si Rich sa Pilipinas dahil nga magbabakasyon ang buong pamilya nila sa Europa na dapat, eh, kasama pati si Rich,” mahabang tsismis ni Aling Nita.

Hindi nakaimik si Lauren. Mali yata siya ng paratang sa binata. Parang nakaramdam tuloy siya ng guilt. To think ang dami niyang nasabi tungkol dito. Not to mention the cold treatment she was giving him. Maybe she needed to cut the man some slack?

Napabuntong-hininga si Lauren. *What would I do? Say sorry? Start being nice to him?* She suddenly didn’t know where to start. Napapaisip, nagbuklat-buklat siya ng magasin sa sala para magpaantok.

Lumalim nang lumalim ang gabi. Wala pa rin ni anino ni Rich. She folded the last magazine that she was browsing and got up to go to sleep.

Kanina pang namamahinga si Aling Nita.

It was then that she heard the creak of their old gate. Mula sa bintana, natanaw niyang si Rich na nga ang dumating, kasama si Betty at ang dalawang lalaking pinsan ng dalaga. He bid them goodbye and after one final wave, pumasok na ito sa bakuran.

Tumayo siya para pagbuksan ito ng pinto.

“H-hi,” bati niya rito.

Luminga-linga sa paligid ang binata. “Ako ba’yung sinabihan mo ng hi?”

“Sino pa ba? Alangang’yung mga kuliglig at gamo-gamo ang binabati ko.”

“That’s what I’m thinking. You couldn’t just be suddenly polite to me because it’s so not you. What’s going on?”

Pinamulahan si Lauren ng mukha sa narinig. Kulang na lang sabihin ni Rich na inborn ang kamalditahan niya. He really knew how to annoy her!

Kabuwisit! Now she didn’t feel so sorry anymore.

4

Asar na naman siya kay Rich kinabukasan. The mere fact na siya ang unang bumati dito ay big leap nang matatawag pagkatapos mapapahiya lang siya nang ganoon?

Naku, manigas siya! Buong maghapon niyang hindi nakaengkwentro ang lalaki, thank God.

Gabi na nang makita niya uli ito. Pagpasok niya sa kusina, nadatnan niya si Rich na naghahain na sa mesa kasama si Aling Nita. She turned to leave knowing that he most probably didn't want to eat with her sitting at the table.

The feeling is mutual, thank you very much.

“O Lauren, kain na.”

“S-sige lang, Te...Mam'ya na lang ako. Hihintayin ko si Papa,” tanggi ni Lauren.

“Nasa bayan ang papa mo. May binibili para sa motor at parang magre-renew bukas ng lisensya ng shelter. Hindi ka ba niya nasabihan?”

“Hindi po, eh. Di po bale, mamaya na ako kakain at di pa rin kasi ako gutom.”

“Malamig na itong misua mamaya. Tena’t sabay-sabay na tayo at nang maaga din ako makatapos sa kusina,” pilit pa ni Aling Nita.

Napapahinuhod na umupo si Lauren, hindi tumitingin kay Rich na nagsandok ng misua sa bowl.

“Kumusta nga pala ang lakad n’yo kagabi?” tanong ni Aling Nita kay Rich habang inaabutan ito ng kanin.

“Okay naman po. Masaya. May mga dumating na kaibigan si Betty at nagkaayaan kaming mag-domino after dinner,” kuwento ng lalaki.

“Mabuti at tila nag-e-enjoy ka na rito sa amin.” Si Aling Nita uli.

“Medyo po. Although mas mag-e-enjoy ako kung may signal kahit saan, kung may magagamit akong kotse at kung may mabibilhan ako ng quarter pounder,” napapangiting sagot nito.

“Hus, malilimutan mo ang lahat ng ’yan pag may bumihag na tagarito sa ’yo. Kagaya halimbawa ni Betty.”

Napatawa roon si Rich.

Sila na kaya ni Betty?

Hindi alam ni Lauren kung bakit interesado siyang malaman. “Mahilig ka ba sa maanghang, hijo?” ani Aling Nita habang inaabot ang plato ng main dish.

“Hindi po gaano.”

“G-gan’un ba? Naku, eh, paano ’yan, spicy inasal itong niluto ko? Pasensya na’t hindi ko naman kasi alam...” puno ng pag-aalalang sabi ni Aling Nita.

“Di po bale, I’m sure it tastes as good as it looks,” paniniguro ni Rich at bilang patunay, kumuha ito ng manok at kumagat ng malaking tipak.

He felt the heat of the hot pepper but continued chewing the big morsel like it was the savoriest dish on earth.

Pasimpleng inobserbahan ni Lauren ang lalaki mula sa kinauupuan niya. He looked as if what he was eating were actually shards of glass instead of spicy chicken. Gusto niyang matawa sa isiping walang tibay sa anhang ang bruho.

“Ano, hijo? Okay rin ba ang lasa?”

“O-opo. Masarap po.” Rich forced a nod and a smile which fueled Aling Nita’s enthusiasm even more.

“Mabuti naman nagustuhan mo. ’Eto o, dagdagan mo...” sabi nito sabay lagay ng isa pang piraso ng manok sa plato ni Rich.

Lauren had to bow her head to stifle a laugh when Rich nearly choked on his food.

Pa-PR ka, ha? ’Ayan, mag-apoy ka sa anghang, nagdiriwang ang kaloobang sabi ng dalaga sa sarili.

Mala- iOS na talaga sa bilis ngayon ang karma. Wala pang beinte cuatro oras, nakaganti na siya.

Tahimik silang kumain at nang maubos ang laman ng bandehado, tumayo si Lauren para kumuha ng kanin sa kusina. Pagbalik sa mesa at pagkalapag ng bandehado ay napansin niyang sunod-sunod ang lagok ni Rich sa tubig at parang hirap na itong huminga.

Of all the stupid—

“Rich, pakitingnan nga ang ref, ayaw kasing magsara,” utos niya sa binata, nasa tono na pinagmamadali. It was a weak excuse pero wala na siyang maisip na dahilan. Hindi niya nga alam kung bakit niya tinutulungan ngayon ang ungas.

“Ako na, hija—”

“Ate, siya na lang,” putol ni Lauren kay Aling

Nita. She tugged on his sleeve and he stood to follow her. He was already coughing before they even made it to the kitchen. Inabot ni Rich ang garapon ng asukal at kumutsara mula roon. Kinain nito ang asukal.

“Bakit asukal? Gusto mo ng gatas? Mas mababawasan n’un ang anghang,” suhestiyon ni Lauren.

Umiling ang binata. Pinagmasdan niya ito. His face was flushed, his lips were swollen and he was sweating profusely.

“Bakit ba kasi kinain mo pa ang niluto ni Ate Nita kung di mo pala kaya?” sita niya sabay kuha ng plastic na plato para gamiting pamaypay rito.

“Kaya naman, kaso...a-ang totoo, may allergy ako sa sili.”

“Eh, alam mo naman palang allergic ka, bakit hindi ka pa umamin?”

“Ayokong madismaya si Aling Nita dahil nagpakahirap siyang magluto. She was expecting me to like it,” paliwanag ng lalaki.

“Ano? Paano pala kung hindi ko naisip na magdahilan? Kakain ka pa rin nang kakain?”

“O-oo,” sagot ni Rich sabay kuha uli ng asukal.

Natahimik si Lauren, di makapaniwala. Mas pinili pa nitong ilagay sa panganib ang sarili kaysa mapahiya ang kanilang kasambahay? No one could be that nice. What if he was telling the truth though? She tried to erase that last thought.

“You’re either out of your mind or suicidal,” pagalit niyang sabi sa binata.

Rich didn’t say anything and reached for a glass of water instead. He broke into fits of cough after downing the entire glass.

“Huwag kasing tubig at kakalat lalo ang anghang,” sita niya. Hindi ito sumagot at dinakot ang dibdib. Masama nga yata talaga ang lagay ng kumag.

“Okay ka lang?”

“Not so fine,” nakapikit na sagot nito. Wow, he definitely looked like he was struggling. Naawa tuloy siya rito bigla. Nag-wish pa naman siya kanina na umapoy ito.

“Humiga ka muna kaya? Titingnan ko lang sa medicine kit kung may antihistamine pa.” Walang protestang sumunod ito sa kanya palabas.

“O, Rich, tapos ka na?” takang tanong ni Aling Nita.

He still managed a smile and a thumbs up to reassure the old woman.

At mas napahanga si Lauren sa lalaki. Mabilis na naghanap siya ng gamot at nagkataong may isa pang antihistamine tablet sa medicine kit. Inisip niya na utusan si Aling Nita na ihatid iyon sa kuwarto ni Rich, kaso naghuhugas pa ito ng plato.

Napilitan tuloy ang dalaga na siya na lang ang magdala ng gamot. Kumatok muna siya bago pinihit ang seradura.

He was lying on his back, but he didn't seem to be asleep. Nilapitan ito ni Lauren.

“Inumin mo 'to, kung sanay ka sa gamot na 'to,” aniya, iniaabot dito ang baso ng tubig at ang gamot.

He had developed a skin rash, and the small, red bumps were scattered all over his arms. Wala pa ang mga iyon kanina. Diyata't may mga tao talagang allergic sa sili. Kaloka. Akala niya sa alimasag at manok lang may ganoon.

He sat up in bed. Kinuha nito ang gamot at saglit na binasa kung ano iyon. He removed the tablet from its packet and took the glass of water from her hand.

Bigla itong inubo pagkainom at tarantang

naupo si Lauren sa kama at hinaplos sa likod si Rich. Kinuha niya ang baso ng tubig mula sa kamay nito at ipinatong iyon sa bedside table.

“Ano ba ’yan? Hirap ka bang huminga? Kailangan mo bang paospital?”

“It feels like my throat is closing—”

“Hala, tara na. Nasaan ang jacket mo?” Itinuro nito ang aparador sa silid.

Binuksan niya ang aparador at humila ng jacket ni Rich na naka-hanger doon.

“Teka at uutusan ko lang si Aling Nita na puntahan si Kapitan para ipahatid tayo ng tricycle.”

Kulang na lang ay lumipad sila sa bilis ng patakbo ng barangay tanod na siyang nautusan ni Kapitan na mag-drive ng tricycle.

“Kuya Mando, puwede po pakiiwasan ang lubak? Alog na utak nito, o,” tukoy niya kay Rich.

“Para ka namang hindi taga-rito, Lauren. Alam mong walang mapipiling daan at lahat, eh, lubak,” rason nito. Napahinga na lang ang dalaga nang malalim.

Untog-untog na talaga si Rich na nakapikit lang. Should she do something? Part of her was saying no. Hindi siya komportable na gawin iyon. Pero sa isang banda, parang ang sama naman niya kung iignorahin niya ito. Samantalang pag hayop, todo kanlong siya.

Kinabig na niya ang ulo ni Rich at isinandal iyon sa balikat niya. Bahala na. Nagpapakatao lang siya. Pero nauuntog pa rin ito kahit anong sikap niya.

“Saglit lang.” Iniyakap niya ang isang kamay sa likod ni Rich at ang palad ng isa pang kamay ay inihawak niya sa pisngi ng binata para mapirmi ito sa pagkakasandal.

He didn't say anything and just kept his eyes closed. His pleasant smell wafted through her nostrils, while the fringes of his hair started to tickle one of her cheeks.

She suddenly felt warm and uncomfortable kaya nag-shift siya sa upuan kapagdaka. That movement caused his left hand to slid down over her bare thighs. He must be unaware that he'd nestled his face closer, burying it between her shoulder and her neck.

Electricity shot through her the moment she felt his warm breath on the sensitive skin of her throat. It was as if he had just awakened something dormant

inside her. She had never felt like this before. Not even with Bernie.

Even breathing was difficult. Kung hahayaan niya si Rich sa ganoong posisyon, baka mamatay siya sa bilis ng tibok ng puso niya. Napapalunok na lang si Lauren.

5

Ilang minuto pa ay nakarating na sila sa clinic ng nag-iisang medical doctor sa lugar nila. Iniisip niyang dumerecho ng bayan pero mas malayo pa iyon at baka kailangan na ni Rich ng first aid or something. Sunod-sunod na busina ang ginawa ng driver at ilang sandali pa ay pinapasok na sila sa bahay ng doktor. Katabi lang niyon ang clinic nito.

“Naku, severe allergic reaction ’to. Constricting na ang airway natin, mag-nebulize na agad tayo,” sabi ng doctor pagka-check kay Rich. Pinaupo nito ang binata at mabilis na pinausukan.

“Tbig pong sabihin talagang may allergy siya sa sili, Dok?”

“You think I’m faking this?” mapaklang sabi ni Rich na ikinapula ng mukha ng dalaga.

Ipinaliwanag ng doktor kay Lauren na maraming klase ng allergy although ang pinaka-common daw sa Pilipinas ay allergy sa seafoods, manok at itlog at pati na rin sa pollen. Sa America nga raw, noong nagpapakadalubhasa ito roon, naka-encounter ito ng may allergy sa mais at ang isa pa ay allergy sa citrus.

“I see.” Lauren nodded, feeling stupid and embarrassed.

Pinuri naman siya ng doktor, mabuti raw at nagdesisyon siyang dalhin doon agad ang binata. Although tama raw na nakainom ito ng antihistamine, kulang daw ang dosage kaya bibigyan ng additional na gamot si Rich via intramuscular injection.

She watched him roll up his sleeve to expose his arm.

“Maayos-ayos ka na ba kahit paano?” tanong niya.

“Way better. Thanks.” He gave her a little smile.

Rich flinched a little when the doctor gave him a quick shot.

Dahil sa pakitang-gilas, ’yan tuloy ang sinapit mo, gusto sanang ibiro ni Lauren sa lalaki. Naiinis siyang naaawa rito. Puwede naman kasing umayaw.

“I’m afraid you have to stay overnight. He will feel drowsy at saka kelangan pa nating i-observe kung hindi na siya magma-manifest ng difficulty in breathing. Kung kailangang i-oxygen, at least meron dito for emergency. If hindi kaya, ire-refer ko kayo sa ospital sa bayan. May sasakyan ako na puwedeng

gamitin,” sabi ng doctor.

Tameme si Lauren.

“Pauuwiin ko na lang ’yung nag-drive sa ’tin at baka hanapin sa kanila,” aniya kay Rich.

Tumango ito. “Maybe you should go home, too, para makapahinga ka. Kaya ko naman.”

“Eh, kung may kailanganin ka, sino ang aalalay sa ’yo?”

Hindi na nakipagtalo si Rich. Pinasalamatán niya ang driver ng tricycle ni Kapitan na si Kuya Mando. Inabutan niya ito ng kaunting pera na tinatanggihan ng matanda, pero ipinilit niya. Humingi rin si Lauren ng dispensa sa abala.

Naiwan sila ni Rich sa klinika ng doktor, naghihintay. Lumabas lang daw ang doktor at may kinuha sa bahay nito. Maliit lang ang clinic. May isang hospital bed kung saan nakaupo si Rich ngayon, ang mesa ng doktor, at ilang upuan. May pintong naghihiwalay sa clinic ng doktor sa receiving area kung saan mayroong sofa at center table at ilan pang monoblock chairs.

“So far, may kaunting wheezing na lang tayo. Mag-nebulize ka ulit bandang alas-dos ng madaling

araw. By the way, you can convert that sofa into a bed.” Itinuro nito ang sofa sa receiving area. “Pabigyan ko na lang kayo ng unan at linens na puwedeng magamit. Kumatok na lang kayo sa bahay kung sumama pa ang pakiramdam mo,” bilin ng doktor nang muli silang balikan para i-check. “I can only offer you that bed. Ila-lock ko kasi ang clinic dahil nandito rin ang pharmacy ko. The receiving area smells nicer, at may CR pa kayo.”

One bed. She was speechless.

“Thank you, Doc,” tanging sagot ni Rich. “You can take the bed. I’ll just sit and wait for 2AM,” sabi nito sa kanya.

“No. Ikaw ang pasyente. At saka sabi ni Doc aantukin ka. Side effect ’yun ng antihistamine.”

Dumating ang isang dalagita at iniabot sa kanila ang mga unan at kumot.

“A-anak po kayo ni Governor, di ba?” tila na-starstruck na tanong nito nang mamukhaan si Rich.

Tumango ang binata at matipid na nginitian ang dalagita.

“Ang guwapo n’yo po pala lalo na sa personal! Puwede pong pa-picture?” excited na pakiusap nito,

parang kulang na lang ay tumalon pa sa tuwa nang pumayag si Rich.

Tumakbo ang dalagita sa labas at mayamaya ay bitbit na nito ang isang cell phone. Si Lauren ang napakiusapan na kumuha ng litrato. Pagkatapos ng picture-an ay kumaway pa ang dalagita kay Rich bago tuluyang umalis.

“Ano ang feeling ng artistahin?” aniya.

He chuckled. “Okay lang,” sakay ni Rich sa biro niya.

She felt disheartened with herself for cracking a joke with him. Hindi sila ‘friends’ para magbiruan na. Her extending a hand to him didn’t make them better “acquaintances.”

Tinulungan niya ito dahil iyon ang dapat gawin ng isang normal at may konsyensyang tao. Isa pa, ayaw niyang mabalot sila ng kontrobersya oras na mapahamak ang anak ng gobernador sa poder nila.

Nang biglang manahimik si Lauren, inilabas ni Rich ang sariling cell phone at nag-check na lang ng messages. After an hour, napahikab na ang dalaga.

“Come on, you’re tired,” puna ni Rich, itinago ang cell phone sa bulsa.

“Kaya ko pa,” she declined politely. “Matulog kana.”

“Well, if you’re sure about that.” Inayos nito ang sofa bed at humiga roon.

Hilo na si Lauren sa antok. Bumangon si Rich para mag-nebulize uli bandang madaling araw. Nang matapos, iniligpit nito ang nebulizer at muling bumalik sa kama.

“Why don’t we share the bed?” suhestyon ni Rich.

“No way!” mariing tanggi ni Lauren.

He smirked. “Why worry? This average looking man will not do you any harm,” paalala nito sa sinabi niya noon.

She rolled her eyes.

“Sabi mo pa nga, hindi mo tipo ang mga kagaya kong tamad, hindi matalino at hindi kaguwapuhan...” patuloy na pambubuyo ni Rich.

Lauren eyed him glumly. He raised one eyebrow, as if challenging her to deny that she said all those things. She willed herself to answer, but she was at a loss for words. She put it down to lack of sleep.

“Unless you only said that to deny how you really feel about me or you have changed your mind just now...” he teased.

Her cheeks flushed. “I meant every word I said back then,” she spat at him.

“Alam mong hindi maganda ang nagsisinungaling. You may find yourself one day, begging to be the 25th...” he answered coolly, looking so self-assured.

He’s got some nerve. “Wow, ha? ’Yan na ba ang ordinal rank ng sunod na babaeng mabibitag mo? Well, remember this, Mr. Sandejas, kahit umabot pa ng 99 ang bilang ng mga magpapakatanga sa ’yo, hindi mapapasali sa listahan na ’yun ang pangalan ko,” sumpa ng dalaga.

Napangisi si Rich. “Masama rin daw magsalita nang tapos, sabi nila.”

Hindi yata talaga ito naniniwala sa tinuran niya. Aba’t hinahamon talaga siya ng walanghiya!

“Nagsasabi ako ng totoo.”

“Good. Come here and prove it,” sagot nito sabay higa at bigay sa kanya ng espasyo sa kama.

“Fine! Hihiga na lang ako dyan kesa kung ano-anong kabalbalan ang pinagsasabi mo.” Inis na hinila

niya rito ang kumot at humiga patalikod.

“Sleep tight, Lauren. You’re not my type. You’re too old and too stiff for my taste,” narinig niyang sabi ni Rich.

Her chest tightened at his words. *Too old. Stiff. Not my type.* They kept resonating in her ears. *Eh, ano?*

She shouldn’t be affected. Matagal na niyang na-reconcile sa sarili ang katotohanang hindi magkakagusto sa katulad niya si Rich Sandejas.

His opinions shouldn’t matter to her in any way. But deep inside, Lauren was enraged... and very much hurt.